


| MATATAG Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan | | Baitang/Alap | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro | | Asignatura | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo | | Markahan | Kwarter 1/ Ikalimang Linggo |

| | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw | Ikalimang Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality). | | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad. | | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata. | **Ikatlong Lagumang Pagsusulit sa Makabansa 1** |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Tungkulin ng Isang Bata sa Loob ng Tahanan** | **Tungkulin ng Bata sa Loob ng Tahanan** | **Tungkulin ng Isang Bata sa Loob ng Paaralan** | **Tungkulin ng Bata sa Loob ng Paaralan** | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| *A. Sanggunian* | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | MATATAG Curriculum Makabansa CG 2023 Pahina 12 | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | mga larawan, power point presentation, activity sheets | Summative Test Papers |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Panimulang Gawain | Umawit Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=idP0yz12FeQ<br><br> | Itanong:<br><br>Mga bata, alam mo ba kung ano ano ang iyong mga tungkulin na dap gampanan? | Umawit Tayo!<br><br>https://www.youtube.co /watch?v=s8EEY552sG<br><br> | Panuto: Pagmasdan ang larawan sa ibaba.<br><br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Itanong:<br>1. Tungkol saan ang ating inawit?<br>2. Anong katangian mayroon ang bata batay sa awit? | | Itanong:<br>1. Tungkol saan ang ating inawit?<br>2. Anong katangian mayroon ang bata batay sa awit? | Sagutin:<br>1. Saan kaya pupunta ang bata?<br>2. Naranasan niyo na rin bang pumasok sa paaralan? | |
| Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa loob ng tahanan. Handa na ba kayo? | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa loob ng tahanan. Handa na ba kayo? | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa loob ng paaralan. Handa na ba kayo? | Mga bata, ngayon araw ay pag-aaralan natin ang inyong mga tungkulin sa loob ng paaralan. Handa na ba kayo? | |
| Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin | Unlocking of Difficulties:<br>>tungkulin - ang gawain o obligasyon na dapat gampanan ng isang tao, grupo, o organisasyon, na may kaakibat na pananagutan, bilang bahagi ng kanilang posisyon o layunin sa lipunan. | Unlocking of Difficulties:<br>>tulungan - pagbibigay ng suporta o asistensya upang maibsan ang pasanin, agapay sa pangangailangan, o tumulong sa pagkamit ng mga layunin ng isang tao. | Unlocking of Difficulties:<br>>huwaran - isang tao, bagay, o pangyayari na nagsisilbing pamantayan o gabay dahil sa kanilang mahusay at makaakit na katangian, na maaaring tularan o sundin. | Unlocking of Difficulties:<br>>pakikilahok - ito ay isang paraan ng paglilingkod at pagpapakita ng pagmamahal sa kapuwa sa lipunan. Ito ay pagbibigay ng sarili na hindi naghahangad ng anumang kapalit. Ito ay marami ring katawagan tulad ng bayanihan, damayan, kawanggawa, o bahaginan. | |
| Habang Itinuturo ang Aralin | | | | | |
| Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya | Magbasa Tayo!<br><br>**Tungkulin sa Tahanan**<br>Ni: Helen A. Bustamante<br><br>Maraming natutuwa sa pamilya nina Aling Nita at Mang Karding. Napalaki kasi nila ang kanilang | Magbasa Tayo!<br><br>Ngayong araw, nais kong ipakilala sa inyo ang aking kaibigan na si Yana. Samahan natin siyang libutin ang kanilang tahanan at | Tumula Tayo!<br><br>**Ako'y Batang Mag-aaral**<br><br>Ako ay batang Pilipino.<br>Mag-aaral ako sa unang baitang.<br>Pumapasok ako sa paaralan upang matuto. | Talakayin Natin!<br><br>Mga Tungkulin ko sa Paaralan<br><br>1. Tungkulin kong pumasok sa takdang oras. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | tatlong mga anak nang mabuti. Sila ay mababait at masisipag na minana nila sa kanilang mga magulang.<br><br>Si Nelo ang panganay nilang anak. Siya ang katuwang ng kaniyang ama sa pag-aalaga ng kanilang mga alagang hayop.<br><br>Si Mina ang nagdidilig ng kanilang mga halaman at tumutulong sa kaniyang ina sa pagluluto at paglalaba.<br><br>Ang bunso naming si Ben ang nagliligpit ng kanilang hinihigaan at mga laruang nakakalat. Natutuwa siya kapag malinis ang kanilang bahay.<br><br>Ang pamilya nila ang tinaguriang modelong pamilya dahil sa ipinakitang pagtutulungan at kasipagan sa paggawa ng mga tungkulin sa kanilang tahanan. | alamin ang kaniyang tungkulin.<br><br>**Ang Batang si Yana**<br><br>Magandang Araw! Ako nga pala si Yana. Samahan niyo akong libutin ang aming tahanan.<br><br>Sila ang aking mga magulang. Sina Tatay Berto at Nanay Linda. Bilang anak nila, binigyan nila ako ng tungkulin sa loob ng aming tahanan.<br>1. Tungkuling maging mapagmahal at magalang.<br>2. Tungkuling maging masinop.<br>3. Tungkuling tumulong sa mga gawaing bahay.<br><br>Samahan niyo naman akong umakyat sa aming kwarto.<br>Sila naman ang aking mga kapatid. Ang aking kambal na si Yuno at sina Ate Mona at Kuya Ryan. Bilang kapatid nila, binigyan din nila ako ng tungkulin sa loob ng aming tahanan.<br>1. Mahalin at respetuhin ang bawat isa. | Gusto kong matutong bumasa,<br>sumulat, at magkuwenta.<br>Maraming magagandang bagay akong natututuhan sa loob ng isang araw.<br><br>Masaya kami sa paaralan.<br>Tumutulong kami sa mga gawain.<br>May tungkulin kami sa paaralan. | 2. Tungkulin kong batiin ang mga guro at iba pa nang may paggalang.<br>3. Tungkulin kong sumunod sa alituntunin ng paaralan.<br>4. Tungkulin kong makinig sa itinuturo ng guro at mag-aral na mabuti.<br>5. Tungkulin kong panatalihing malinis ang kapaligiran ng paaralan.<br>6. Tungkulin kong ipagmalaki at pahalagahan ang aking paaralan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 2. Magdamayan sa oras ng pangangailangan.<br>3. Magtulungan sa mga gawain.<br>Ngayong nasamahan mo na ako sa aming tahanan. Nakilala mo ang aking pamilya at ang aming tungkulin.<br>Salamat kaibigan! ☺ | | | |
| Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Tanungin ang mga bata:<br>1. Ano ang pamagat ng kwento?<br>2. Sino sino ang mga tauhan sa kwento?<br>3. Ano ang tungkulin ni Nelo sa tahanan? Ni Mina? At ni Ben?<br>4. Bakit hinhangaan ang pamilya nila? | Tanungin ang mga bata:<br><br>1. Ano ang pamagat ng kwento?<br>2. Sino sino ang mga tauhan sa kwento?<br>3. Ano ano ang tungkulin ni Yana bilang anak? Bilang kapatid?<br>4. Bawat isa ba sa atin ay may tungkulin? | Tanungin ang mga bata:<br><br>1. Ano ang pamagat ng tula?<br>2. Nasa anong baitang na raw ang bata?<br>3. Ano ang nararamdaman ng bata sa tuwing papasok sa paaralan?<br>4. May tungkulin ba ang mga bata sa paaralan? | Tanungin ang mga bata:<br>1. Batay sa mga ipinakitang larawan ni Teacher? Alin sa mga sumusunod na tungkulin ang nagagawa mo?<br>2. Bakit mahalaga na isagawa ang iyong mga tungkulin? | |
| Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Mga Tungkulin ng Isang Bata sa Loob ng Tahanan<br><br>1. Sumunod sa bilin at utos ng mga magulang.<br>2. Iayos at iligpit ang mga laruan pagkatapos maglaro.<br>3. Magpaalam sa magulang kung aalis.<br>4. Tumulong sa mga gawaing-bahay.<br>5. Igalang ang mga magulang at iba pang kasama sa bahay. | Mga Tungkulin ko Bilang Anak<br><br>1. Maging mapagmahal at magalang.<br>2. Maging masinop.<br>3. Tumulong sa mga gawaing bahay.<br><br>Mga Tungkulin ko Bilang Kapatid<br>1. Mahalin at respetuhin ang bawat isa.<br>2. Magdamayan sa oras ng pangangailangan.<br>3. Magtulungan sa mga gawain. | Mga Tungkulin ko sa Paaralan<br><br>1. Tungkulin kong pumasok sa takdang oras.<br>2. Tungkulin kong batiin ang mga guro at iba pa nang may paggalang.<br>3. Tungkulin kong sumunod sa alituntunin ng paaralan.<br>4. Tungkulin kong makinig sa itinuturo ng guro at mag-aral na mabuti.<br>5. Tungkulin kong panatalihing malinis ang kapaligiran ng paaralan. | Panuto: Sabihin ang TAMA kung ang mga sumunod na sitwasyon ay nagpapakita ng pagsunod sa tungkulin at MALI kung hindi.<br>1. Paggalang sa watawat.<br>2. Pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan.<br>3. Pagsulat sa mga dingding o pader ng paaralan.<br>4. Pagsipa o pagtumba ng mga halamang nasa paso.<br>5. Pakikilahok sa talakayan sa klase. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 6. Tungkulin kong ipagmalaki at pahalagahan ang aking paaralan. | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Paglalapat at Paglalahat | Tandaan:<br>Bilang isang bata dapat alam mo ang iyong tungkulin sa inyong tahanan. | Tandaan:<br>Bilang isang pamilya dapat alam mo ang iyong tungkulin bilang anak at bilang kapatid. | Tandaan:<br>• Ang bawat mag-aaral ay may tungkulin sa paaralan.<br>• May iba-ibang gawain ang mga mag-aaral sa paaralan. | Tandaan:<br>• Ang bawat mag-aaral ay may tungkulin sa paaralan.<br>• May iba-ibang gawain ang mga mag-aaral sa paaralan. | |
| Pagtataya ng Natutuhan | Panuto: Kulayan ang masayang mukha ☺ kung ang larawan ay nagpapakita ng pagsunod sa tungkulin sa tahanan at malungkot na mukha ☹ kung hindi.<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br> | Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang larawang nagpapakita ng tungkulin mo at ekis (x) kung hindi.<br><br><br><br><br> | Panuto: Kulayan ang mga larawan kung nagpapakita ng pagsasagawa ng iyong tungkulin sa paaralan.<br> | Panuto: Lagyan ng puso ang larawang nagpapakita ng pagsunod sa tungkulin sa paaralan at ekisan (x) naman kung hindi.<br><br><br><br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5. | | | | |
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat) | | | | | |
| Mga Tala | | | | | |
| Repleksiyon | | | | | |
| Takdang-Aralin | Panuto: Itala ang iyong mga tungkuling ginagampanan sa loob ng inyong tahanan.<br><br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________<br>5. ____________________ | Panuto: Itala ang iyong mga tungkuling ginagampanan sa loob ng inyong tahanan.<br><br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________<br>5. ____________________ | Panuto: Itala ang iyong mga tungkuling ginagampanan sa loob ng paaralan.<br><br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________<br>5. ____________________ | Panuto: Itala ang iyong mga tungkuling ginagampanan sa loob ng paaralan.<br><br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________<br>5. ____________________ | |